



**NDIS Quality
and Safeguards
Commission**

Sinikap naming matiyak ang madaling paggamit at pagbasa. Kung nakakaranas ka ng mga isyu sa pagbasa, mangyaring makipag-ugnay sa engagement@ndiscommission.gov.au.



Isyu 6: Taglagas 2022

Isang newsletter para sa mga taong may kapansanan, iyong mga kaibigan, pamilya, tagapagtaguyod at ang komunidad.

Pakibahagi ang newsletter na ito sa mga taong may kapansanan sa iyong network – halimbawa, kung ikaw ay isang tagapagbigay ng NDIS o manggagawa na sumusuporta sa isang taong may kapansanan, o isang tagapagtaguyod, katiwala, kaibigan o miyembro ng pamilya ng isang taong may kapansanan.

Isang mensahe mula sa bagong Komisyonado ng NDIS Quality and Safeguards Commission - Tracy Mackey

Malugod na pagsalubong sa unang edisyon ngayong taon sa aming newsletter ng kasali sa NDIS, na SAFEGuard. Nasasabik akong gamitin ang pagkakataong ito upang ipakilala ang aking sarili bilang bagong NDIS Quality and Safeguards Commissioner at upang ipaalam sa inyo ang tungkol sa aking mga priyoridad para sa NDIS Commission, pati na rin ang ilan sa mga mahahalagang gawain na isinasagawa nitong mga nakaraang buwan.

Mula nang umpisahan ko ang tungkulin ng Komisyonado noong Enero, regular akong nakikipagkita sa mga kalahok at tagapagbigay sa buong Australya upang mas maunawaan ang iyong karanasan sa NDIS Commission, kabilang ang kung ano ang nais mong pagtuunan ng NDIS Commission at kung ano ang kahulugan ng kalidad at ligtas na mga serbisyo sa iyo.

Isang pangunahing priyoridad para sa akin sa panahong ito ay ang pamamatnubay sa gawain ng Future State upang bumuo ng isang limang taong pananaw at estratehikong plano para sa NDIS Commission na naglalagay sa mga taong may kapansanan sa sentro ng lahat ng aming mga ginagawa, kabilang ang aming pagdedesisyon. Napakamahalaga para sa akin na natutugunan namin ang mga pangangailangan ng mga taong may kapansanan, at mapalakas, ipagtanggol at panindigan ang iyong mga indibidwal na karapatan at ang iyong mga karapatan bilang mga kliyente. Inumpisahan ko na ang trabaho tungo sa mga layuning ito sa pamamagitan ng

- pakikipag-ugnayan sa mahigit 240 na mga panlabas na interes, kabilang ang mga kasali ng NDIS, mga pamilya, tagapagtaguyod at tagapagbigay, pati na rin ang mga kawani ng NDIS Commission.

- pagsasagawa ng isang Provider Registration Roundtable (talakayan) para sa mga taong may kapansanan, ang kanilang mga magkaka-akibat na suporta, mga tagapagtaguyod at tagapagbigay. Maaari mong basahin ang panimulang papel ng talakayan sa aming website.
- pakikipagkita sa mga Consultative Committee upang pag-usapan ang tungkol sa Kinabukasan ng trabaho ng NDIS Commission at paano kami magkaroon ng isang positibong epekto para sa mga taong may kapansanan.

Sa mga darating na buwan, magpapatuloy kaming makipagkonsulta sa mga kasali tungkol sa mahalagang gawaing ito.

Nais din naming maibigay ang maraming mga oportunidad para sa iyo na mabigyan kami ng direktang puna kung paano ka naming pinakamabisang masusuportahan. Isang lugar na gusto naming makatanggap ng iyong puna ay sa aming bagong website, at higit pang malalaman mo tungkol dito sa newsletter na ito.

Sa paglalathalang ito, lubos kong ipinagmamalaki na ilulunsad ang bagong *[Make it Known Make it Better videos series](#)* upang suportahan kang makuha ang mga tulong at serbisyo na nararapat sa iyo. Ang bawat senaryo ng video ay idinisenyo kasama ng mga taong may kapansanan at base sa isang halimbawa ng serbisyong nauugnay sa Code of Conduct (Kodigo ng Pagsasagawa) ng NDIS.

Maaari mong basahin ang karagdagan impormasyon tungkol sa mga video sa newsletter na ito. Maari mo ring dagdagan ang iyong kaalaman tungkol sa trabahong ginagawa ng NDIS Commission kasama ang mga kasapi at tagapagbigay ng serbisyo sa aming [Facebook](#) at [LinkedIn](#) channel.

Code of Conduct (Kodigo ng Pag-uugali) ng NDIS – Nagbibigay ng mga suporta at serbisyo sa isang ligtas at maaasahang paraan na may pag-iingat at kasanayan

Ang bawat edisyon ng SAFEGuard ay tumutugon sa isang bahagi ng NDIS Code of Conduct – ang hanay ng mga patakaran tungkol sa kung paano dapat kumilos ang iyong mga tagapagbigay ng serbisyo at manggagawa habang sinusupportahan ka nila at ang mga bagay na dapat nilang gawin upang masigurong ligtas ka.

Sa edisyong ito, nakatuon kami sa ikatlong patakaran, na kung saan ang [mga tagapagbigay ay dapat mag-ingat upang makapaghatid ng mataas na kalidad at ligtas na mga serbisyo](#).

Nangangahulugan ito na ang mga manggagawang sumusuporta sa iyo ay dapat na nagtataglay ng tamang kasanayan at karanasan upang maihatid ang suportang iyon, at kailangang gawin ito sa isang ligtas na paraan.

Dapat siguraduhin ng mga manggagawa na napapanahon ang kanilang mga kasanayan at kaalaman tungkol sa mga serbisyong ibinibigay nila at ipaalam sa iyo kung mayroong mga bagay na hindi nila alam gawin. Ang mga manggagawa ay hindi maaaring magbigay ng mga suporta na wala silang tamang mga kasanayan at karanasan sa paggawa.

Dapat sundin ng lahat ng mga manggagawa ang [NDIS Code of Conduct](#) kapag ihinahatid nila ang mga serbisyo sa iyo. Ang ilang mga manggagawa ay maaari ring sumunod ng isang kodigo ng pag-uugali para sa kanilang propesyon, katulad ng mga nars at manggagawa sa pangangalaga sa kalusugan. Maaari kaming mag-embestiga kung ang isang manggagawa ay hindi sumunod sa [Code of Conduct](#).

Ang iyong mga manggagawa ay dapat ring sumunod sa mga batas ng trabaho, kalusugan at kaligtasan na nandoon upang maprotektahan ang mga manggagawa ng kalusugan at kaligtasan, at mga taong apektado sa kanilang mga aktibidad sa trabaho, kabilang ang mga kasali ng NDIS.

Maaaring maparusahan ang mga manggagawa kung hindi nila gagawin ito. Ang [Safe Work Australia](#) ay may karagdagang impormasyon tungkol sa mga batas sa trabaho, kalusugan at kaligtasan na nalalapat kung saan ka nakatira.

Ang iyong mga manggagawang tagasuporta ay hindi dapat maghatid ng iyong mga suporta habang sila ay apektado ng droga o alak. Kung sila ay umiinom ng inireseta o over the counter na mga gamot, kailangan nilang humingi ng payo mula sa kanilang propesyonal ng pangangalagang pangkalusugan o isang parmasyutiko upang masiguro na ang pag-iinom ng mga gamot na ito ay hindi makakaapekto sa kanilang kakayahan na makakapagbigay ng tulong sa iyo.

Kailangan ding sundin ng mga manggagawa ang mga patakaran tungkol sa pagtatala sa mga serbisyong kanilang ibinibigay sa iyo. Ito ay upang matiyak na ang iyong mga tagasuportang manggagawa sa hinaharap at mga tagapagbigay ng serbisyo ay may sapat na impormasyon upang ipagpatuloy ang iyong mga serbisyo ng suporta. Itong mga talaan ay dapat gagawin sa lalong pinakamadaling panahon pagkatapos ng isang aksyon o kaganapan, at iligpit nang maayos upang maprotektahan ang iyong pagkapribado. Hindi dapat magsulat ang mga manggagawa ng anumang nakakasakit sa mga talaang ito. Dapat kasama sa talaan ang lahat ng mga mahalagang impormasyon tungkol sa iyong mga serbisyo ng suporta, katulad ng mga detalye ng iyong gamot at mga pangangailangan ng suporta, mga detalye ng anumang mga alegasyon o insidenteng naganap, at iba pang mga kaugnay na isyu.

Kung sa tingin mo ay may taong hindi nakakatugon sa mga patakarang ito, maaari kang [magreklamo sa amin](#).

Banggitin, pagandahin

Ang pagbanggit ng isang pag-aalala o ang pagreklamo ay mahalaga. Makakatulong ang mga ito sa mga tagapagbigay at manggagawa ng NDIS na maunawaan kung ano ang mahalaga sa panig ng mga taong may kapansanan, at makakatulong din na mapabuti ang kalidad at kaligtasan ng mga pansuporta at serbisyo – kaya ang iyong reklamo ay maaari ding makatulong sa ibang tao. Dahil [‘kapag inihayag mo ito, gagawin itong mas mabuti’](#).

Upang makatulong na ipakita kung ano ang hitsura ng mabuti at ligtas na mga serbisyo ng NDIS, kami ay gumawa ng isang [hanay ng mga video na nagtatampok ng mga taong may kapansanan](#).

Ang mga video ay base sa NDIS Code of Conduct, at naglalayon na mabigyan ng lakas ang mga kasali ng NDIS, o ang kanilang mga tagasuporta upang [ipabatid ang mga pag-aalala o reklamo](#) kung hindi sila nasisiyahan sa kalidad o kaligtasan ng isang suporta o serbisyo ng NDIS.

Ang mga video ay magkasamang idinisenyo, sinuri, at nagtatampok ng mga taong may kapansanan, ang kanilang mga pamilya, at mga tagapagbigay at manggagawa ng NDIS. Maaari mong panoorin ang serye sa aming [website](#), o sundin kami sa [Facebook](#), habang ipinapakilala naman ang mga video sa mga darating na linggo.

Pinagsamang pahayag sa paggamit ng mga psychotropic na gamot

Ang psychotropic na gamot ay nakakaapekto sa pag-iisip, nararamdaman at pagkilos ng isang tao. Ang NDIS Commission kasama ang Aged Care Quality and Safety Commission at ang Australian Commission on Safety and Quality in Health Care ay nagsama-sama at nakatuon sa isang

pagtutulungang pagkilos upang mabawasan ang hindi nararapat na paggamit ng mga psychotropic na gamot sa mga taong may kapansanan at may edad.

Matatagpuan sa aming website ang isang video at impormasyong madaling basahin tungkol sa hindi nararapat na paggamit ng mga psychotropic na gamot.

Kasong sibil laban sa Integrity Care

Sinimulan ng ng NDIS Commission ang mga sibil na paglilitis sa Hukumang Pederal ng Australya laban sa Integrity Care na kaugnay sa pagkamatay ni Ms Ann-Marie Smith.

Si Ms Smith, na isang kasali sa NDIS, ay namatay noong ika-6 ng Abril 2020 habang tumatanggap ng mga suporta at serbisyo mula sa Integrity Care.

Ang bagay na ito ay maingat na iniimbestigahan ng NDIS Commission. Pagkatapos na ipinagbigay-alam ang pagkamatay ni Ms Smith, pinagmulta ng NDIS Commission ang Integrity Care at binawi ang rehistrasyon nito, na nangangahulugan na hindi ito maaaring magpatakbo sa NDIS. Ipinagbawal din si Ms Amy Collins, isang Direktor ng Integrity Care, kasama ang tagasuportang mangagawa ni Ms Smith na si Ms Rosa Maione.

Maaari mong basahin ang karagdagan tungkol sa kasong ito sa aming website na may bersyon din sa Easy Read.

Bagong mga mapagkukunan upang masuportahan ang mga ligtas at kasiya-siyang pagkain

Ang mga oras ng pagkain ay isang mahalagang bahagi ng ating pang-araw-araw na buhay. Ang pagkakaroon ng mga oras ng pagkain na ligtas at kasiya-siya ay mahalaga upang mabawasan ang panganib na mabulunan at malubhang problema sa kalusugan; at lubos na kailangan para sa iyong kabutihan.

Sa ilalim ng NDIS Code of Conduct, ang mga manggagawa ng NDIS ay kailangang magbigay ng mga suporta at serbisyo sa isang ligtas at maaasahang pamamaraan na may pag-iingat at kasanayan. Kaya paano ka mabisang masusuportahan ng mga manggagawa sa oras ng pagkain, kung nahihirapan kang lumunok?

Upang matulungan ang mga manggagawa ng NDIS na maintindihan kung paano ang pinakamahusay na pagsuporta ng ligtas at kasiya-siyang oras ng pagkain, nagpalabas kami ng isang bagong eLearning module para sa mga manggagawa ng NDIS.

Ang module ay tumitingin – magmula sa pananaw ng mga kasali ng NDIS – sa kahalagahan ng pagsunod sa Mealtime Plan (Plano ng Oras ng Pagkain), mga paraan upang mapansin ang mga palatandaan at sintomas ng kahirapan sa paglunok, paano maghanda ng mga pagkain na nasa tamang kayarian, at paano masuportahan ang mabuting pagpoposisyon at ang paggamit ng pantulong na teknolohiya o kagamitan kagaya ng kubyertos.

Ang module ay libre at makukuha ng sinuman upang kumpletuhin, at nasa aming [website](#).

Muling pagbabago ng website ng NDIS Commission

Sa NDIS Commission, nauunawaan namin na ang pagbibigay ng madaling makuhang makabuluhang impormasyon ay susi ng pagsuporta sa iyo na makipag-ugnay sa mga suporta at serbisyo na tama para sa iyo at ipabatid ang mga pag-aalala kapag kinakailangan.

Kami ay nakatuon sa patuloy na pagpapabuti ng madaling makuhang impormasyon magmula sa amin. Sa nakalipas na mga buwan, nagtatrabaho kami sa isang proyekto na baguhin at muling ayusin ang aming website upang gawing mas madali para sa lahat na naghahanap at maintindihan ang impormasyon na aming ibinibigay.

Gumamit kami ng isang pamamaraan na co-design upang gawin ang bagong website, na kabilang ang pagsasagawa ng isang makabuluhang laki ng pananaliksik at pagsusuri ng mga gagamit (user testing) ng isang hanay ng mga kasali, kabilang ng mga taong may kapansanan. Nagsagawa kami ng mga pakikipanayam, kumuha ng mga survey at nagsagawa ng iba pang mga pagsusuri upang masiguro na natutugunan namin ang mga kinakailangan ng aming mga kasali. Mayroon na kaming isang test o 'beta' version ng aming bagong website.

Maaari mong hanapin ang aming test site sa [online](#), at hinihiling namin na mangyaring ibigay sa amin ang iyong puna tungkol sa iminungkahing mga pagpapahusay na gamit ang mga porma ng pagpuna (feedback form) na nasa beta website.

Nakikipagtulungan din kami sa Council for Intellectual Disability upang makapagsagawa ng mga harap-harapan na pagsasanay upang matiyak na ang mga taong may kapansanan sa pag-iisip ay mayroong mga nararapat na pagkakataon upang makapagbigay ng puna.

Pag-update tungkol sa COVID-19

Person-Centred Emergency Preparedness Planning for COVID-19 Guide (Gabay sa Pagpapalano ng Paghahanda Sa Emerhensya Na Nakatuon Sa Tao Para Sa COVID-19)

Ang Pamahalaan ng Queensland, University of Sydney at Queenslanders with Disability Network ay bumuo ng isang pinasadyang gabay para sa [pagpapalano ng paghahanda sa COVID-19](#) para sa mga taong may kapansanan.

Ang gabay ay nagbibigay ng mga link (koneksyon) sa mga pinagkakatiwalaang mapagkukunan ng impormasyon tungkol sa COVID-19 sa iba't-ibang kaayusan upang matulungan kang makuha ang kinakailangan mong impormasyon. Kabilang dito ang mga impormasyon tungkol sa:

- pag-unawa sa COVID-19 at paano protektahan ang iyong sarili
- paggawa ng plano kung paano ang pamamahala sa panahon ng pampublikong emerhensya sa kalusugan na ito
- alamin kung ano ang gagawin kung ikaw o isang taong sumusuporta sa iyo ay nakakaranas ng mga sintomas ng COVID-19.

Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang gabay sa aming [website](#).

Pagsusuri gamit ng rapid antigen para sa COVID-19

Mahalagang malaman kung ano ang gagawin kung sa tingin mo ay mayroon kang COVID-19.

Inirerekomenda ang isang pagsusuri sa COVID-19 kung mayroon kang mga sintomas ng COVID-19, isa kang nalapitan (close contact) ng isang taong may COVID-19, o pinayuhan ka ng isang propesyonal sa pangangalaga ng kalusugan. Ang mga rapid antigen test ay madali nang makuha ngayon, at ang mga nararapat na nagtataglay ng concession card ng pamahalaan ay maaaring magkaroon ng hanggang

sa 10 lib्रेng pakete ng rapid antigen test sa loob ng tatlong buwan. Ang website ng [Department of Health](#) ay may karagdagang impormasyon tungkol sa pagpapasuri ng COVID-19.

Mga dosis ng COVID-19 booster

Ang mga booster dose ng bakuna laban sa COVID-19 ay makukuha sa pamamagitan ng mga tagapagbigay ng bakuna ng pamahalaan, o sa pamamagitan ng iba pang mga paraan kagaya ng doktor (GP), botika, o klinika ng pagbabakuna ng estado o teritoryo. Inirerekomenda na para sa ilang mga tao ang karagdagang booster dose, apat na buwan paglipas ng unang booster. Kabilang dito ang mga residente ng mga pasilidad sa pangangalaga ng mga matatanda at may kapansanan, mga manggagawa ng pangangalaga sa kalusugan at may kapansanan, mga taong Aborihinal at Torres Strait Islander at iba pang mga nanganganib na grupo. Tingnan ang website ng [Department of Health](#) para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga booster dose.

Kung nangangailangan ka ng tulong sa pagpalista ng isang COVID-19 booster dose, o nangangailangan ng libre, napatunayan na impormasyon at payo tungkol sa COVID-19, bumisita sa [Disability Gateway](#) website o tumawag sa 1800 643 787. Ang linya ng telepono ng Disability Gateway ay bukas mula Lunes hanggang Biyernes, 8 ng umaga hanggang 8 ng gabi AEST.

Ang mga taong nangangailan ng impormasyon sa wikang maliban sa Ingles ay maaaring tumawag sa Translating and Interpreting Service sa 131 450, at humiling na ikonekta sa Disability Gateway.

Ang mga taong bingi o may kapansanan sa pandinig o pagsasalita ay maaaring tumawag sa National Relay Service sa 1800 555 677 at humiling na ikonekta sa Disability Gateway.

Mga bagong pamantayan sa gawi at tagapagpahiwatig sa kalidad ng pamamahala sa emerhensya at kalamidad ng NDIS

Ang isang pamantayan sa pagsasagawa ng NDIS ay binuo upang matulungan ang mga tagapagbigay ng NDIS na ipagpatuloy ang pamimigay ng mga serbisyo at suporta sa panahon ng mga pagkagambala tulad ng COVID-19 o iba pang mga emerhensya. Makakatulong itong matiyak ang iyong kalusugan, kabutihan at kaligtasan sa mga kaganapang ito. Maaari mong basahin ang tungkol sa mga bagong pamantayan sa pagsasagawa sa aming [website](#), o sa [easy read fact sheet](#).

Paano makipag-ugnay sa NDIS Commission

Maari kang tumawag sa amin sa 1800 035 544. Ito ay isang lib्रेng tawag mula sa mga landline. Ang aming contact centre ay bukas 9.00 ng umaga hanggang 5.00 ng hapon (9.00 ng umaga hanggang 4.30 ng hapon sa Northern Territory) Lunes hanggang Biyernes, hindi kasama ang mga pampublikong piyesta opisyal.

Bilang kahalili, maaari kang mag-email sa contactcentre@ndiscommission.gov.au

Mga paraan ng pagreklamo

Kung nais mong maghain ng isang reklamo sa amin, maaari kang:

- **tumawag:** 1800 035 544 (lib्रेng tawag mula sa mga landline) or TTY 133 677. Maaaring makipag-ayos sa mga Tagapagsalin (Interpreter).
- **gamitin** ang [National Relay Service](#) at hilingin ang 1800 035 544.
- **kumpletuhin** ang isang online na [complaint contact form](#).

Sundan kami

LinkedIn: www.linkedin.com/company/ndiscommission

Facebook: www.facebook.com/NDISCommission

Mag-subscribe sa newsletter na ito

Kung may nagpasa sa iyo ng email na ito, ngunit mas gugustuhin mong ipadala namin ito sa iyo nang direkta sa hinaharap, maaari kang mag-subscribe sa pamamagitan ng pagpuno sa [subscription form](#).